
## Banghay-Aralin sa Filipino III

**May-Akda: Alma R. Venzon**
**Designation: Master Teacher I**
**Paaralan: CENTEX Batangas**




**I. Layunin**
1. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa binasang kuwento
2. Napagyayaman ang talasalitaan sa pamamagitan ng paggamit ng magkasingkahulugan at magkasalungat na mga salita
3. Nakapagbibigay ng panibagong wakas ng kuwento
4. Natatalakay ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tiwala sa sarili

**II. Paksang-Aralin**
1. ***Pamagat:*** "Ang Mahiyaing Manok"
2. ***May-akda:*** Rebecca T. Añonuevo
3. ***May-guhit:*** Ruben de Jesus
4. ***Pagpapahalaga:*** Pagtitiwala sa Sarili

**III. Pamamaraan**
1. **Pagganyak**
   a. Nakaranas na ba kayong mawalan ng lakas ng loob na gawin ang isang bagay? Ano ito?
   b. Ano ang iyong ginawa upang labanan ito? (Palabasin sa mga sagot ng bata ang kahalagahan ng pagkakaroon ng tiwala sa sarili.)

2. **Paghawan ng Balakid**
   Tukuyin ang kahulugan ng bawat salita

| Salita | Pamamaraan |
|---|---|
| musmos | Magpakita ng larawan ng isang bata. Tanungin kung ano pa ang ibang salita para sa bata. |
| nagmumukmok | Muling ipakita ang larawan ng musmos. Sa pagkakataong ito, ang bata ay nakasimangot matapos hindi mabili ng nanay ang laruang hinihingi. Tanungin ang mga mag-aaral kung ano kaya ang nararamdaman ng bata sa larawan. Alamin kung naranasan na ba nila ito at ano ang kanilang ginawa. Alamin din kung ano ang palagay nila sa ikinilos ng bata sa larawan. |
| kulimlim | Hayaang tumingin ang mga bata sa ulap at ilarawan ang kanilang nakikita. Kung maliwanag ang panahon at mataas ang sikat ng araw, tanungin ang kasalungat na panahon nito. Kung sadyang makulimlim ang panahon, ipalarawan ang ulap at maaaring mangyari dahil dito. |

3. **Pagbasa ng Kuwento**
   Ibigay ang pamantayan sa pagbasa ng kuwento. Sikaping basahin ito nang may diin, at wastong damdamin at ekspresyon.

   Basahin ang kuwento na may pamagat na "Ang Mahiyaing Manok." Gagamitin ang Interactive Read Aloud strategy sa pagbasa ng kuwento.

4. **Pagkatapos Magbasa**
   a. **Talakayan**
   Pagsagot sa mga sumusunod na katanungan tungkol sa binasang kuwento.
   1. Anong damdamin mayroon si Onyok bilang isang mahiyaing manok?
   2. Bakit nahihiya si Onyok sa pagtilaok?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

3. Dapat mo bang ikahiya ang isang bagay na hindi mo kayang gawin? Bakit? Bakit hindi? Ipaliwanag ang sagot.
4. Sino ang may mas higit na maitutulong sa taong mahiyain—ang kaniyang sarili kaya o ang mga taong nakapaligid sa kanya? Bakit? Ipaliwanag ang sagot.
5. Tungkulin ba o responsibilidad ba ng isang ina ang pagtulong sa kaniyang anak tulad ng ginawa ng ina ni Onyok sa kuwento?
6. Hanggang sa anong edad dapat tinutulungan ng magulang ang kanilang mga anak?
7. Hanggang sa anong edad dapat nakadepende ang anak sa magulang?
8. Responsibilidad ba ng anak na ibalik ang pag-aarugang ipinakita ng magulang sa kanya?
9. Sa iyong palagay, bakit nararamdaman ng isang tao ang pagiging mahiyain?
10. Paano madaragdagan ang tiwala mo sa iyong sarili?
11. Kung ikaw ay kaibigan ni Onyok sa kuwento, paano mo tutulungan si Onyok upang mawala ang kaniyang pagiging mahiyain?
12. Ang pagkakaroon ba ng tiwala sa sarili ay katulad ng pagbibigay halaga sa sarili?
13. Ipaliwanag: Ang kaunlaran ay bunga ng pagtitiwala sa sarili; ang pagtitiwala sa sarili ay bunga ng kaunlaran.

**b. Pangkatang-Gawain**

Magkaroon ng 4 na pangkat

**Pangkat 1 (Language Center)**

Ipasulat sa mga mag-aaral ang mga katangian ni Onyok sa loob ng larawan ng isang manok. Ipasulat naman ang mga kasalungat na katangian nito sa labas ng larawan. Pagkatapos ay hayaan ang mga batang talakayin kung ano ang mga katangiang dapat taglayin ng isang batang Pilipino.

**Pangkat 2 (Drama Center)**

Bigyan ng 10 minuto ang mga mag-aaral na pag-usapan ang naging wakas ng kuwento. Hayaan silang gumawa ng bagong wakas at ipakita ito sa pamamagitan ng isang dula.

**Pangkat 3 (ESP Center)**

Gamit ang isang web map, ipa-isa-isa sa mga bata ang mga maaaring maitulong sa isang batang mahiyain.

**Pangkat 4 (Media Center)**

Gamit ang video recorder o mobile phone, mag-interbyu ng mga guro o staff sa paaralan kung paano mapananatili o maitataas ang tiwala sa sarili. Humingi ng tips sa kanila na maaaring ibahagi sa klase.

## IV. Paglalapat

A. Ibigay ang angkop na wakas ng kuwento (tsart).
B. Kumpletuhin ang tsart sa ibaba. Isulat ang kasingkahulugan at kasalungat ng bawat salita sa ibaba.

| Salita | Kasingkahulugan | Kasalungat |
|---|---|---|
| marupok | | |
| matayog | | |
| kaparehas | | |

## V. Pagpapahalaga

Paano mo maipakikita na may tiwala ka sa iyong sarili?

## VI. Takdang-aralin

Mag-interbyu sa inyong komunidad ng isang taong nagtagumpay sa buhay dahil sa pagtitiwala sa sarili. Ibahagi ang kanyang karanasan sa klase.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation